

Aralin:

Nasasagot ang tanong mula sa isang kwento.



TUNGKOL SAAN ANG MODYUL NA ITO?

Kamusta mga bata? Ang modyul na ito ay inihanda ko upang masagot mo ang mga tanong sa iyong tekstong nabasa o napakinggan. Marami akong inihandang gawain para sa iyo. Handa ka na ba?



Ano ang iyong nalalaman?

Subukin ang iyong galing at sagutan ang gawain sa ibaba.

**Basahin ang maikling kwento sa ibaba.
Bilugan mo ang titik ng tamang sagot.**



Ang Hari



Ang hari ay may bisita.
Dalaga ang bisita ng hari.
Binati ng dalaga ang hari,
Kaya ang hari ay masaya.

1. Ano ang pamagat ng maikling kwento?
a. Ang hari b. Ang dalaga
2. Sino ang may bisita?
a. Dalaga b. Hari
3. Sino ang bisita ng hari?
a. Binata b. Dalaga
4. Ano ang ginawa ng dalaga?
a. Binati ang hari
b. Nakipagkamay sa hari
5. Ano ang naramdaman ng hari?
a. Masaya
b. Malungkot



Nabilugan mo ba ang tamang sagot? Magaling! Ngayon naman, alamin mo pa kung ano ang mga dapat mong matutunan.

Ano ang dapat mong malaman?



Mahalagang unawain mo ang iyong kwentong binasa ng sa gayon ay masagot mo ang mga katanungang mula dito.



Ngayong alam mo na kung ano ang dapat gawin sa pagbabasa ng isang kwento, paghusayin pa natin ang iyong kaalaman. Halika na! Sagutan mo ng buong husay ang araling ito.

**Basahin ang maikling kwento sa ibaba.
Bilugan mo ang titik ng tamang sagot.**



Ang Palaka sa Sapa

May palaka sa sapa.

Ang palaka ay mataba.

Masaya ang palaka kapag nasa sapa.

Tanong:


Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
 - a. Ang Palaka sa Sapa
 - b. Ang Baka sa Sapa
2. Nasaan ang Palaka?
 - a. sa sapa
 - b. sa aplaya
3. Ano ang pakiramdam ng palaka kung siya ay nasa sapa?
 - a. naiinis
 - b. masaya

Basahin ang maikling kwento sa ibaba.

Sagutin ng pasalita ang mga katanungan sa ibaba

Ang Tutubi



May tutubi sa sanga.
Ang tutubi ay kulay berde.
Nakita ng butiki ang tutubi.
Hinuli ng butiki ang tutubi.
Kawawang tutubi.

Sagutin ang mga tanong:

1. Nasaan ang tutubi?
2. Ano ang kulay ng tutubi?
3. Ano ang ginawa ng butiki sa tutubi?

Basahin ang maikling kwento. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba.



*This lesson plan was prepared by:
Danielle Marie D. Dela Cruz, Valenzuela*

1. Ilang kandila ang sinindiha? _____

2. Sino ang nagsindi ng mga kandila?

3. Anu-ano ang kulay ng mga kandila?

4. Saan inilagay ang sinindihaang kandila?

5. Sino ang inaalala ng batang si Mila?
